

## Paano malalaman kung maaari nang anihin ang kompos?



- Kapag ang kulay ay *dark brown* o itim at pino na ang tekstura
- Walang amoy at malamig na ang *temperature*.

### Paalala:

Kung ang kompos ay may mabahong amoy pa at mainit sa balat, indikasyon ito na hindi pa *fully decomposed* ang mga materyales kaya hindi pa maaaring anihin.

### Mga Hindi Maaaring Gamiting Materyales sa Pagkokompos

- *Dairy Products*
- Mamantikang produkto
- Tirang karne at isda
- Mga uri ng damo na mahirap mamatay
- Dumit mula sa meat-eating na hayop tulad ng aso at pusa
- *Chemically treated charcoal briquette ash*
- Halamang *infected* ng sakit
- *Treated wood products*

### Paggamit ng Kompos

Ang paggamit ng kompos ay depende sa halamang itatanim.

#### A. Punong kahoy na may malalim na ugat


1. Gumawa ng hukay na isang metro ang lalim at isang piye ang luwang.
2. Maghalo ng dalawang bahaging lupa at isang bahaging kompos.
3. Ilagay sa hukay ang pinaghalong lupa at kompos.
4. Itanim and punlang kahoy.

#### B. Mga gulay na mababaw ang ugat

1. Gumawa ng 4-5 pulgadang lalim ng hukay.
2. Lagyan ng 2-3 dakot na kompos sa ilalim ng hukay.
3. Itanim ang punla o buto ng pananim na gulay.

#### C. Kung namumunga na ang punong paglalagyan

1. Gumawa ng hukay sa tapat ng labay. Isang piye ang lalim at isang piye ang luwang.
2. Maghalo ng dalawang bahaging lupa at isang bahaging kompos.
3. Ilagay sa hukay ang pinaghalong lupa at kompos.



Pinagkuhanan ng Teknolohiya  
**Organic Soil Amendments  
Compost and Organic Fertilizer**  
By Dr. Gina Villegas Pangga



Department of Agriculture  
**AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE**  
Regional Training Center - MIMAROPA



Barcenaga, Naujan,  
Oriental Mindoro  
[www.ati.da.gov.ph/ati-4b/](http://www.ati.da.gov.ph/ati-4b/)  
[dcc\\_mimaropa@ati.da.gov.ph](mailto:dcc_mimaropa@ati.da.gov.ph)  
(043) 738-3663; 0998-539-4229  
@atimimaropa

### FARMERS CONTACT CENTER

"Ang inyong kaagapay sa usaping agrikultura"

1-800-10-982-2474  
(Provincial toll-free)

0920-946-2474

[www.ati.da.gov.ph](http://www.ati.da.gov.ph)  
[www.e-extension.gov.ph](http://www.e-extension.gov.ph)

[info@e-extension.gov.ph](mailto:info@e-extension.gov.ph)

# Pamamaraan ng Pagkokompos



## Ano ang pagkokompost?

Ito ay isang pamamaraan ng pagbubulok ng mga nabubulok na basura tulad ng tirang gulay, balat ng prutas, mga damo, dayami, dumi ng hayop at iba pa upang gawing pataba sa lupa. Ang mga halaman o dumi ng hayop ay dumadaan sa proseso ng pagbubulok sa tulong ng mga mikrobyo, tubig at hangin. Ang resulta nito ay tinatawag na *humus* o kompos.

## Kapakinabangan ng Kompos

- *Environment-friendly* na teknolohiya
- Nakakalinis ng kapaligiran
- Pinapaganda ang kundisyon ng lupa
- Nakakadagdag ng *organic matter*, mga *macro* at *micro elements*
- Nagpaparami ng mga kapaki-pakinabang na mga mikrobyo (*beneficial microorganism*) sa lupa
- Pinapaganda ang kakayanan ng lupa na humawak ng tubig o magpanatili ng tubig sa lupa

## Gamit ng Kompos

- *Soil amendment*
- *Kilib (mulch)*



## Mga Dapat Tandaan sa Pagkokompos

- Humanap ng medyo mataas na lugar, tuyo, malilim, patag at medyo malayo sa anyong tubig.
- Ang mga gagamitin ay pinagpuputol-putol, tinatadtad, pinipino at pinaghahalang mabuti
- May sapat na lugar na bilaran sa ginagawang kompos at imbakan ng kompos
- Kailangang laging hinahalo o binabaligtad ang mga bunton ng materyales upang madaling mabulok at mawala ang amoy

## Paraan ng Pagkokompos

1. Gumawa ng *compost pen*. Maaaring gumamit ng mga kahoy, kawayan, saha ng saging, lumang yero, *mesh wire*, *drum*, gulong at iba pa.



2. Ihanda ang lahat ng kakailanganin. Kumuha ng damo, dayami at iba pang nabubulok na bagay tulad tirang gulay, balat ng prutas at iba pa. Mainam kung mangongolekta ng kulay berde at kayumangging halaman na gagamiting pangkompos upang makagawa ng mataas at magandang kalidad na kompos at mapabilis ang pagbubulok nito.

### Halimbawa:

#### Kulay berdeng halaman

Gumamit ng mga halamang mayaman sa nitroheno tulad ng *azolla*, mga legumbreng halaman tulad ng kakawate, ipil-ipil, madre de agua, monggo at iba pa. Ito ay makakadagdag ng sustansya sa ginagawang kompos.



Ipil-IPil



Kakawate



Monggo



Azolla

#### Kulay kayumangging materyales

Gumamit ng *high cellulosic* na materyales tulad ng dayami habang at mga *high lignin* naman tulad ng ipa, *coconut coir*, *coco coir dust*, balat at busil ng mais. Ang mga ito ay nakakatulong upang mapabilis ang pagbubulok ng ginagawang kompos.




Dayami



Ipa



Coco coir dust




Balat ng Mais

3. Tadtarin at pinuhin ang mga materyales upang mas mabilis na mabulok.
4. Ihanay nang pantay ang mga tinadtad ng mga halaman sa *compost pen* hanggang sa umabot ng 15 cm ang taas.
5. Patungan ito ng dumi ng hayop tulad ng dumi ng kalabaw, baka, kambing, manok o baboy hanggang umabot sa 5 cm ang kapal.
6. Maaaring lagyan ng inuling na ipa (*carbonized rice hull*), apog (*lime*),



*biochar* o anumang inuling na mga bagay upang i-*neutralize* ang *acidity* ng kompos.

7. Diligan ang bunton (*pile*) hanggang sa ito ay maging mamasa-masa.
8. Lagyan o tusukan ng kawayan na inalisang ng buko at binutasan sa gilid na magsisilbing bentilasyon upang makalabas ang init at mahanginan ang kompos. Makakatulong rin ito upang mapadali na mabulok ang mga materyales. Maaari ring gumamit ng tirang *pvc pipe* na binutasan sa gilid o *mesh wire*.



9. Lagyan muli ng mga materyales at pagpatung-patungin ito (*layered*). Ulitin ang proseso (nos. 4—7) hanggang sa mapuno ang *compost pen*.
10. Lagyan ng takip ang *compost pen*. Maaaring gumamit ng sako, *plastic* o dahon ng saging at iba pa.
11. Panatiliing mamasa-masa ang kompos. Diligan ng tubig minsan isang linggo kung walang takip. Mainam kung gagamit ng *Trichoderma* o *Indigenous Microorganism* (IMO) bilang pandilig upang mas mapabilis ang pagbubulok. Kung tag-ulan naman, takpan ito upang hindi malunod sa tubig at maging sa sanhi ng *leaching* o pagkawala ng mga nutrihina.
12. Baligtarin ang bunton kada 2 linggo sa loob ng 2 buwan. Makalipas nito, maaari nang baligtarin isang beses sa isang buwan. Ginagawa ito upang maging pantay ang pagkakabulok ng kompos..
13. Gawin muli ang pagtatakip at pagdidilig hanggang sa mabulok ang kompos.
14. Pagkaraan ng apat o limang buwan, depende sa materyales na ginamit, maaari nang anihin ang kompos.
15. Patuyuin sa hangin (*airdry*) sa loob ng 3 linggo hanggang sa ma-*stabilize* na ang proseso ng dekomposisyon.
16. Iilagay sa sako ang kompos at iimbak sa hindi nauulanang lugar.

